3

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Magkakaugnay na Pangkabuhayan ng mga Lalawigan sa Rehiyon at ng Bansa



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan– Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Kwarter 4 – Modyul 4: Magkakaugnay na Pangkabuhayan ng mga Lalawigan sa Rehiyon at ng Bansa**

**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon paman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga taga paglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot saKagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: **Leonor Magtolis Briones**
Pangalawang Kalihim: **Diosdado M. San Antonio**

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Consultants:**
Regional Director : BENJAMIN D. PARAGAS, CESO IV
Assistant Regional Director : JESSIE L. AMIN, CESO V
Schools Division Superintendent : ALFREDO B. GUMARU, JR., EdD, CESO VI
Asst. Schools Division Superintendent(s): ADONIS C. CEPEREZ, EdD, CESE
Chief Education Supervisor, CLMD : OCTAVIO V. CABASAG, PhD
Chief Education Supervisor, CID : RUBY B. MAUR, EdD

**Manunulat:** FELICIDAD C. CLAVERIA, Don Faustino N. Dy ES, Cauayan City
**Editors:** NOIMI L. TATTAO, Cauayan South Central School, Cauayan City
Juvilyn D. Espiritu, Jun Jun G. Ringor, Roshalie B. Luis
**Tagasuri:** LODESA G. DULNUAN, Don Faustino N. Dy ES, Cauayan City
**Tagaguhit:** ________________________________
**Tagalapat:** FELICIDAD C. CLAVERIA, Don Faustino N. Dy ES, Cauayan City
**Tagapamahala:** SEVERINO T. MORALES, JR., Division Learning Area Supervisor
CHERRY GRACE D. AMIN, Division LRMS Supervisor
MIRAFLOR D. MARIANO, Regional Learning Area Supervisor
RIZALINO G. CARONAN, Regional LRMS Supervisor

Printed in the Philippines by Department of Education - Region 02 – SDO Cauayan City

Office Address: Barangay Turayong, Cauayan City, Isabela
Telefax: (078) 652-1614

E-mail Address: cauayancity@deped.gov.ph

# 3

# Araling Panlipunan

## Ika-apat na Markahan – Modyul 4: Magkakaugnay na Pangkabuhayan ng mga Lalawigan sa Rehiyon at ng Bansa

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

**Para sa taga pagdaloy**:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan-Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Magkakaugnay na Pangkabuhayan ng mga Lalawigan sa Rehiyon at ng Bansa!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaralang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

| |
|---|
| ***Mga Tala para sa Guro***<br>Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral. |

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang

mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral**:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan-Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Magkakaugnay na Pangkabuhayan ng mga Lalawigan sa Rehiyon at ng Bansa!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |

***Tuklasin***

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.

***Suriin***

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

***Pagyamanin***

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

***Isaisip***

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

***Isagawa***

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalinang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi saPagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing na papaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang Gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.

6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Ang modyul na ito ay mahalaga upang magkaroon ng batayang kaalaman sa lahat ng proyekto ng pamahalaan na kinabibilangan ng lalawigan.

May mga gawaing nakatutulong sa pagkakaisa, kaayusan, at kaunlaran ng sariling lalawigan at kinabibilangang rehiyon. At ang unang mabibiyaan ay ikaw bilang kasapi ng lalawigan. Kaya dapat bigyan ng suporta ang mga proyekto sa pamamagitan ng pakikiisa sa mga layunin nito.

Sa araling ito, inaasahang:

1. naiuugnay ang pakikipagkalakalan sa pagtugon ng mga pangangailangan ng sariling lalawigan at mga karatig na lalawigan sa rehiyon at ng bansa; at
2. maipakikita ang pagpapahalaga sa pakikipag-ugnayan ng sariling lalawigan/rehiyon sa ibang lugar.



Ano-ano ang pangangailangan ng bawat lalawigan kaugnay sa kanilang kalakal?

Paano natutugunan ng mga lalawigan ang pangangailangan ng bawat isa?

## *Subukin*

**Panuto:** Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang mga produkto ng mga lalawigan sa Rehiyon II?
   a. Isda, papaya at tubo
   b. Mangga, niyog at saging
   c. Abaka, gulay, niyog at saging
   d. Isda, palay, mais, saging, citrus

2. Ano ang dapat gawin kung may kakulangan sa suplay ng produkto?
   a. Iaasa nalang sa Diyos.
   b. Bahala na kung kulang ang produkto.
   c. Sisikapin kong mag –angkat ng produkto.
   d. Magpulong-pulong ang mga lalawigan at pag-usapan ang kakulangan ng produkto.

3. Bakit kailangan makikipag-ugnayan ang iyong lalawigan sa ibang lalawigan?
   a. Upang makipag-away.
   b. Upang makapag-welga ang magsasaka.
   c. Upang pag-usapan ang kakulangan ng produkto
   d. Upang mabawasan ang ani.

4. Paano nakikipag-ugnayan ang iyong lalawigan sa ibang lalawigan o rehiyon?
   a. Sa pamamagitan ng digmaan.
   b. Sa pagpadala ng sulat tungkol sa problema.
   c. Sa pamamagitan ng pagbibigay pondo ng salapi.
   d. Sa pamamagitan ng pagpapatawag ng pulong-pulong upang malutas ang problema.

*5.* Sa iyong palagay, nakatutulong ba ang pagdaraos ng *festival o pista* sa pagsulong ng mga produkto sa bawat lalawigan? Bakit?

a. Hindi. Itoy dagdag na gastos sa pamahalaan.

b. Hindi. Magkakaroon lamang ng gulo sa produkto.

c. Oo. Upang magkaroon ng magandang pakikitungo sa bawat lalawigan at magtutulungan ang bawat isa.

d. Oo. Para masaya ang lahat.

# Magkakaugnay na Pangkabuhayan ng mga Lalawigan sa Rehiyon at ng Bansa

## Balikan


Sa nakaraang aralin, natutuhan mo ang mga produkto at kalakal ng mga lalawigan ng rehiyon. Nababatay ang kalakal ng mga lalawigan sa iba't ibang katangiang pisikal ng mga ito. Mayroon ding epekto sa pamumuhay ng mga tao ang kanilang pisikal na kapaligiran kasama na ang klima at ang panahon ng lugar.


Sa iba't ibang panahon, may pagkakataong hindi nakakapag-ani nang sapat ang isang lalawigan. Sa ibang lalawigan naman ay nagkakaroon ng saganang ani sa panahong iyon. May pagkakataon na ang pangangailangan ng isang lalawigan ay maaaring matugunan ng ibang lalawigan. Sa mga ganitong pagkakataon, kailangan makikipag-ugnayan ang mga lalawigan ng rehiyon upang mapunan ang ilang pangangailangan ng sariling rehiyon.

## Tuklasin

**Mga Panahon ng Pag-aani**

Naranasan mo na bang pumunta sa isang *super market* gayong wala namang ani sa bukid? Saan kaya galing ang mga produkto ito?





Paano magkakaroon ng panindang mangga sa pamilihan gayong wala naming ani? Saan kaya nanggagaling ang mga produkto sa pamilihan? Pag-aralan ang mga halimbawang talahanayan na nagpapakita ng mga produkto ng mga lalawigan sa Rehiyon **II.** Nakalagay dito ang mga produkto ng bawat lalawigan sa iba't ibang panahon.

**Talahanayan 1**: Mga produkto ng Rehiyon mula Enero hanggang Hunyo

| Lalawigan | Produkto | Dami | Kailangan ng Tao sa Buong Rehiyon |
|---|---|---|---|
| Batanes | Isda | 790 kilo | 950 kilo |
| Cagayan | Mais | 3 900 kaban | 3 500 kaban |
| Isabela | Palay | 4 000 kaban | 3 400 kaban |
| Nueva Vizcaya | Citrus<br>Gulay | 2 000 kilo | <br>2 500 kilo |
| Quirino | Saging | 3 590 kilo | 4 000 kilo |

Sa talahanayan, makikita ang mga produkto ng bawat lalawigan at ang laki ng pangangailangan ng buong rehiyon. Kung mapapansin mo sa Talahanayan 1, ang kabuuang pangangailangan ng rehiyon sa isda ay 950 kilo. Sapat ba ang dami ng isda sa pangangailangan ng rehiyon?

Gaano karami ang pangangailangan sa palay? Saan kukuha ng mga kulang na produkto upang matugunan ang pangangailangan ng bawat lalawigan?

Ano kaya ang maaaring gawin ng bawat lalawigan upang matugunan ang mga pangangailangan sa pagkain? Kung iyong mapapansin, iba-iba ang produkto ng bawat lalawigan ngunit may mga produkto na wala sa ibang lalawigan. Paano nila ito lulutasin?

Batay sa talahanayan, anong lalawigan ang may aning palay? Saan makakukuha ng mais ang mga lalawigan sa rehiyon? Ano ang ipinapakita ng pag-aangkat ng mga produkto sa karatig lalawigan?

Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang mga produkto ng bawat lalawigan?
2. Ano ang dapat gawin kung may kakulangan sa suplay ng produkto?
3. Bakit kinakailangang makipag-ugnayan sa karatig lalawigan?
4. Paano nakikipag-ugnayan ang iyong lalawigan sa ibang lalawigan o rehiyon?
5. Sa iyong palagay, nakatutulong ba ang pagdaraos ng *harvest festival* o pista sa pagsulong ng mga produkto ng bawat lalawigan? Bakit?

## *Suriin*

Tingnan ang halimbawa ng talahanayan na nagpapakita sa mga produkto ng mga lalawigan ng Rehiyon II.

**Talahanayan 2:** Mga Produkto ng Rehiyon mula Enero hanggang Hunyo

| Lalawigan | Produkto | Dami | Pangangailangan |
|---|---|---|---|
| Nueva Vizcaya | Prutas at gulay | 2 500 kilo | 3 500 kilo |
| Cagayan | Mais | 900 kaban | 1 200 kaban |
| Batanes | Isda | 2 000 kilo | 2 500 kilo |
| Isabela | Palay | 3 900 kaban | 4 900 kaban |
| Quirino | Saging | 790 kilo | 700 kilo |

## *Pagyamanin*

Batay sa talahanayan, itala sa tsart ang mga produktong inaangkat ng iyong lalawigan sa ibang lalawigan.

| Pangalan ng mga produkto | Lalawigang pinanggalingan ng produkto |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

## *Isaisip*

**Panuto:** Piliin ang salitang nasa loob ng kahon na naaayon sa bawat pahayag. Isulat ang sagot sa papel.

| | | |
|---|---|---|
| Batanes | Cagayan | Isabela |
| Quirino | Nueva Vizcaya | pangangailangan |

1. May mga lalawigan at rehiyon na umaasa sa ibang lugar ng kanilang__________upang mapunan ang kakulangan nito sa kanila.
2. Kadalasan ay isda at iba pang yamang tubig ang produkto ng lalawigang_____________.
3. Ang isang lungsod o lalawigan ay umaangkat ng mga palay at mais sa mga lalawigan ng ____________at_____________.
4. Mga produktong Citrus at gulay ang nagpatanyag sa lalawigan ng____________.
5. Ang pangunahing produkto ng lalawigang ito ay saging. _________

## *Isagawa*

**Panuto:** Sagutin ang bawat bilang sa pamamagitan ng pagtsek (/) sa hanay ng Oo, Hindi o Hindi Tiyak)

| Mga Sukatan | Oo | Hindi | Hindi Tiyak |
|---|---|---|---|

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Sa lalawigan ng Batanes makukuha ang 2 000 kilong isda.<br>2. Ang masaganang saging ay nanggagaling sa Quirino na aabot ng 900 kilos.<br>3. Ang lalawigan ng Cagayan ang may pinakamaraming ani ng palay na may 4, 900 na kilo. | | | |



## Tayahin

Pag-aralang mabuti ang halimbawang talahanayan at sagutin ang sumusunod na tanong.

**Talahanayan:** Mga Produkto ng Rehiyon mula Hulyo hanggang Disyembre

| Lalawigan | Produkto | Dami | Pangangailangan |
|---|---|---|---|
| Batanes | Isda | 4 500 kilo | 5 400 kilo |
| Cagayan | Mais | 1 500 kaban | 3 400 kaban |
| Isabela | Palay | 4 500 kaban | 3 500 kaban |
| Nueva Vizcaya | Citrus Gulay | 6 400 kilo | 5 000 kilo |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Quirino | Saging | 1 000 kilo | 1 650 kilo |

1. Saan aangkat ang ibang lalawigan ng palay?
2. Ano ang maitutulong ng lalawigan ng Nueva Vizcaya sa buong rehiyon?
3. Ano ang magiging presyo ng isda sa buwan ng Hulyo hanggang Disyembre batay sa datos? Bakit?
4. Sapat ba ang pangangailangan ng saging? Bakit?
5. Ano ang mabuting maidudulot ng pag-aangkat ng mga produkto sa ibang lalawigan o rehiyon?

## *Karagdagang Gawain*

Gumawa ng isang poster na nagpapakita ng ugnayan ng mga lalawigan sa rehiyon. Sagutin ang mga gabay na tanong upang mabuo ang kaisipan na iyong iguguhit.

1. Ano-ano ang mga produkto na iniluluwas sa ibang lalawigan?
2. Ano-ano ang mga produkto na kinakailangan ng ibang lalawigan?
3. Paano inaangkat ang mga produkto mula sa mga karatig lalawigan?

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

- D
- D
- C
- D
- C

**Isaisip**

1.pangangailangan

2.Batanes

3.Isabela at Cagayan

4.Nueva Vizcaya

5.Quirino

**Pagyamanin**

- 
- 
- 
- 
- 

**Isagawa**

**Oo**

**Hindi tiyak**

**Hindi**

**Tayahin**

- Isabela
- Sapat na matutustusan ang pangangailangan sa prutas at gulay
- Tataas ang presyo
- Hindi
- Matutugunan ang pangangailangan ng lalawigan o rehiyon

# Sanggunian

Manalo, Thea Joy G., Capunitan, Charity A., Galarosa, Walter F., at Sampang, Rodel C. (2015). Araling Panlipunan Patnubay sa Guro, 192-196

Manalo, Thea Joy G., Capunitan, Charity A., Galarosa, Walter F., at Sampang, Rodel C. (2015). Araling Panlipunan Kagamitan ng Mag-aaral, 389-395

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education – Region 02 – SDO Cauayan City

Barangay Turayong, Cauayan City, Isabela 3305

Telefax: (078) 652-1614

Email Address: cauayancity@deped.gov.ph